# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) ika-1 ng Hulyo 2024

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Nagpapatuloy ang pagtaas ng produksyon, bagama't bumabagal ang mga pinagbabatayang trend ng demand

### Mga pangunahing nalaman

Tuloy-tuloy at napapanatiling pagtaas ng bilang ng output ...

... ngunit mas mabagal na pagdami ng mga bagong order

Panibagong pagtaas ng mga gastusin sa input

Natapos na ang unang kalahati ng 2024 na nakitaan ng higit pang pagganda ng mga kundisyon sa operasyon sa buong sektor sa pagmamanupaktura ng Pilipinas, ayon sa pinakabagong data ng PMI® mula sa S&P Global. Bumilis ang pagtaas ng aktibidad sa output at pagbili. Gayunpaman, kapansin-pansin ang pagbagal sa pagtaas ng bilang ng mga bagong order nitong Hunyo. Bukod pa rito, patuloy na nababawasan ang mga backlog ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa Pilipinas, at nadagdagan din ang bilang ng pagbabawas ng mga ito ng mga tauhan.

Tungkol naman sa mga presyo, sa kabila ng panibagong pagtaas ng mga pasaning gastos, nananatiling mabagal ang pagtaas ng presyo ng input kumpara sa mga naranasan sa nakaraan. Samantala, mas mabagal naman ang pagtaas ng mga singil nitong Hunyo.

Mula sa 51.9 noong Mayo, bumaba sa 51.3 na mababa sa loob ng tatlong buwan nitong Hunyo ang headline na S&P Global Philippines Manufacturing PMI – isang composite na single-figure indicator ng performance sa pagmamanupaktura. Bagama't nagpapahiwatig ang huling resulta ng mas mabagal na pagtaas, nagpapakita pa rin ito ng pansampung kasunod na buwan na pagganda ng kalagayan ng sektor sa pagmamanupaktura sa Pilipinas.

Ang nag-aangat sa sektor ng pagmamanupaktura ay ang tuloy-tuloy na pagtaas ng produksyon. Tuloy-tuloy at napakabilis ng pagtaas ng output sa loob ng anim na buwan.

Gayunpaman, nagkaroon ng kapansin-pansing pagbagal sa pagdami ng bagong order, na nagpapahiwatig ng mas mabagal na pagtaas ng mga pinagbabatayang trend ng demand nitong Hunyo. Bagama't patuloy na umuusad mula noong Abril, ang nakaraang pagtaas ang pangalawang pinakamahina sa kasalukuyang sampung buwang sunod-sunod na pagtaas.


Dagdag pa rito, bumagal din sa naturang buwan ang demand ng ibang bansa para sa mga minamanupakturang produkto ng Pilipinas. Mula sa pagiging mataas noong nakaraang Mayo, bumagal ang pagtaas ng bilang ng mga bagong iniluluwas sa mababang bilang sa loob ng tatlong buwan.

Dahil sa pagbagal ng mga trend ng demand, nagawa ng mga nagmamanupaktura na makahabol sa pagtapos ng kanilang mga trabaho. Mas mabilis na natapos ang mga backlog, na pinakakapansin-kapansin sa loob ng tatlong buwan.

Dahil sa dumami ang ekstrang kapasidad, napilitan ang mga kumpanya na magbawas ng mga bilang ng kanilang tauhan

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan




Mga Pinagmulan: S&P Global PMI.
Ang data ay nakolekta noong 12-21 Hunyo 2024.

### Komento

*Sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Bagama't dahil sa mga tuloy-tuloy na pagtaas ng mga trend ng demand sa nakaraang pangalawang quarter ay napataas ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura ang kanilang mga volume ng produksyon sa tuloy-tuloy at napapanatiling bilis noong Hunyo, maaaring mangahulugan ang kamakailang paghina ng mga kundisyon sa demand ng mga mas mabagal na pagtaas ng output habang papunta tayo sa pangalawang kalahati ng taon. Dagdag pa rito, bagama't nagresulta ang pagtaas ng bilang ng output sa mas maraming aktibidad ng pagbili, hindi ito nagresulta sa paggawa ng trabaho. Ang pangalawang kasunod na buwan nang pagbabawas ng tauhan ay nagpapakita na walang pressure ngayon sa kapasidad sa operasyon sa sektor, dahil mabilis na nauubos ang mga backlog.*

*"Nabawasan din ang mga inaasahan sa hinaharap na higit na tumutukoy sa sentimyento ng pagbaba ng inaasam. Gayunpaman, patuloy na binabantayan ang mga pressure sa pagtaas, sa kabila ng panibagong pagtaas ng mga gastusin sa operasyon. Makakatulong ang bahagyang pagbagal at pagiging banayad ng mga pagtaas ng mga gastusin at singil para makabuo ng demand ang sektor sa mga paparating na buwan."*

PMI® by S&P Global

© 2024 S&P Global

noong Hunyo. May ilan ding ulat ng hindi pagkuha ng kapalit ng mga kusang umalis sa trabaho. Bumaba ngayon sa pangalawang buwan na ang bilang ng trabaho.


Gayunpaman, dahil sa mga tumataas na volume ng produksyon at pag-asang dumami ang gawain sa mga susunod na buwan, nahikayat ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas na dagdagan ang kanilang aktibidad sa pagbili. Bumilis ang paglago sa naturang buwan na pinakamabilis mula noong Hulyo 2023.

Napanatili ng mga tagagawa ng mga produkto sa buong Pilipinas ang kanilang diskarte sa pag-iipon ng stock. Naipon ang mga imbentaryo bago ang produksyon sa pang-apat na buwan nang tuloy-tuloy. Bagama't tuloy-tuloy ang pagtaas sa pangkalahatan, may bahagyang pagkaabala sa momentum ng pagtaas, at may kinalaman dito ang kasalukuyang pagbaba ng performance ng vendor dahil sa daloy ng trapiko at mga pagkaantala sa customs. Nadagdagan din ang bilang ng mga stock sa pagtatapos ng produksyon nitong Hunyo, at mas mabilis ang naging pagtaas nito.

Nagpahiwatig din ang data nitong Hunyo ng panibagong pagtaas ng mga pasaning gastos, pagkatapos ng bahagyang pagbaba noong Mayo. Pinakamabilis ngayon ang pagtaas ng presyo ng input simula noong Pebrero sa kabila ng mga ulat ng mga kakulangan sa hilaw na materyales, gayunpaman, nananatili itong mas mabagal sa average sa series.

Dahil dito, tinaasan ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura ang kanilang mga singil. Bumagal ang pagtaas sa naturang buwan, gayunpaman, ito ang pinakabanayad sa pangkalahatan.

Nananatili ang positibong pananaw sa hinaharap ng mga nagmamanupaktura para sa produksyon sa susunod na taon. Umaasa sila na higit na masusuportahan ng mas magandang kundisyon ng demand ang mga pagpaparami ng output. Gayunpaman, bahagyang nabawasan ang positibong pag-aasam dahil sa kamakailang pagtaas noong Mayo at mas mababa ito kumpara sa average ng series.



Mga Pinagmulan: S&P Global PMI, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan


Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
Corporate Communications
IHS Markit
T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com


Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

**Pamamaraan**

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

**Tungkol sa S&P Global (NYSE: SPG)**

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. www.spglobal.com.

**PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.
www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi


**Disclaimer**

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagigig available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.




© 2024 S&P Global